



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Mayo 23, 2022

MGA CONTACT: Erin DeMerritt, Distrito ng Hangin – 415.517.4147

Jenna Tenney, MCE - communications@mceCleanEnergy.org

Distrito ng Hangin ng Bay Area, iginawad ang 2022 Spare the Air Leadership Award sa MCE

Programa ng rebata sa malinis na enerhiya para sa multifamily housing para sa may mababang kita, napili na

SAN FRANCISCO - Iginawad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang 2022 Spare the Air Leadership Award sa MCE para sa kanilang programa para sa [Mga Pamilya at Tenant na May Mababang Kita o LIFT program](#), na nakapagbigay na ng mahigit sa \$1 milyong rebata sa 680 tahanan, na nakatipid ng mahigit sa 7,800 kilowatt-hour ng enerhiya kada taon.

“Patuloy na nangunguna ang MCE sa buong estado sa paghahatid ng mga programa sa malinis na enerhiya sa mga dati nang hindi napagtutuunang komunidad,” sabi ng Supervisor at Miyembro ng Lupon ng County ng Marin para sa Distrito ng Hangin at MCE na si Katie Rice. “Ang Marin Clean Energy ay ang kauna-unahang CCA sa California at ipinagpapatuloy nila ang kanilang pamumuno sa pamamagitan ng magagandang programa gaya ng programa para sa Mga Pamilya at Tenant na May Mababang Kita - na lumulutas ng mga pagsubok sa pamamagitan ng pagtutulungan sa mga malikhaing solusyon.”

Tina-target ng LIFT Program ng MCE ang mga may-ari ng mga multifamily na property para sa may mababang kita at ang mga residenteng hindi sapat na napaglilingkuran. Madalas ay hindi napapansin ang grupong ito sa mga retrofit na programa ng grant, lalo na para sa mga mas bagong teknolohiya. Nakipagtulungan ang MCE sa mga tenant at may-ari ng property para ma-navigate ang proseso ng paglalagay ng mga naaangkop na appliance para mabawasan ang mga emisyon, mabawasan ang gastusin sa utility, at mapaganda ang kalidad ng hangin sa loob, pati ang mga resulta sa kalusugan at kaligtasan. Pinopondohan ng mga rebata mula sa MCE ang paglalagay ng mga system sa pag-filter ng hangin na matipid sa enerhiya, pati ng mga space at water heating appliance. Nakatuon ang programang ito sa mga may-ari at tenant ng property na may mababang kita na nasa pinagseserbiyuhang lugar ng MCE, na kinabibilangan ng county ng Contra Costa, Marin, Napa, at Solano.

“Ipinapakita ng LIFT Program ang pangako naming maghatid ng patas na kinabukasan kung saan may malinis na enerhiya at mga benepisyong hindi nahahadlangan ng mga balakid sa ekonomiya, kultura, at wika,” sabi ni Dawn Wesiz, ang CEO ng MCE. “Sa pagpapatupad ng mga tangible at replicable na programang tulad nito, matitiyak naming may access ang lahat sa mga programang nagpapababa ng mga bill, nadaragdagan ang ginhawa at kaligtasan sa ating mga tahanan, at nababawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas.”

Maraming kinakaharap na balakid ang mga residente ng mga multifamily housing para sa may mababang kita pagdating sa pagsali sa mga programa sa efficiency ng enerhiya dahil sa mga hamon sa pakikipagtulungan sa mga may-ari ng property, alalahanin sa pagbabahagi ng personal na impormasyon, posibilidad na ipatupad ang immigration, at problema sa pananalapi. Ang pag-decarbonize ng mga gusali at system ng enerhiya ay isa sa mga pinakamapanghamon at kinakailangang estratehiya sa pagbabawas ng carbon na kinakailangan para mabawasan ang mga greenhouse gas.

Tinutugunan ng LIFT program ng MCE ang mga alalahaning ito sa pamamagitan ng direktang pagtulong sa mga tenant at may-ari ng property sa application at pagsusuri ng site. Nagbibigay ang LIFT program ng access sa mga hindi tradisyonal na nakinabang sa savings at pagpapaganda ng kalidad ng hangin sa loob na naihatid ng mga retrofit sa malinis na enerhiya.

Kinikilala ng Spare the Air Leadership award ang MCE para sa pagtukoy at pagdidisenyo ng programang nagta-target ng mga pagbabawas sa paggamit ng enerhiya, pinagandang kalidad ng hangin sa loob, at isang nakokopya na blueprint para sa iba pang programa ng grant sa buong Bay Area.

Ang MCE ay isang not-for-profit na pampublikong ahensya na nagbibigay ng serbisyo sa kuryente at mga makabagong programa sa mahigit sa isang milyong residente at negosyo sa 37 miyembrong komunidad sa apat na county ng Bay Area: Contra Costa, Marin, Napa, at Solano. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa MCE, bisitahin ang mceCleanEnergy.org, o Facebook, LinkedIn, Twitter, at Instagram.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)